21. Ama, nananalangin kami para sa mas maraming Kristiyanong silungan sa Brazil para sa mga kababaihan at pamilyang dumaranas ng karahasan at pang-aabuso sa tahanan. Nawa'y ang mga ito ay maging ligtas na mga lugar kung saan nila makikilala si Jesus. (Ps. 27:5)

22. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan at pagkamalikhain ang pangkat ng rehiyon ng U.S. sa pagnanais nilang maabot ang susunod na henerasyon ng mga kababaihan na may pag-asa kay Hesus. (Ps. 78:4)

23. Panginoon, mangyaring bumuo Ka ng mga makadiyos na kababaihan sa Latin America at Caribbean upang pamunuan ang ministeryo ng *TWR Women of Hope.* (Matt. 9:37)

24. Mahal na Ama, nawa'y ang grupo ng *TWR Women of Hope* sa Bonaire ay mapuspos ng iyong Espiritu upang sila ay magdala ng katotohanan at pampatibay-loob sa mga kababaihan sa kanilang paligid. (1 Thess. 5:11)

25. Aming Diyos, habang ang Venezuela ay nahaharap sa kawalan ng katiyakan sa ekonomiya, bigyang-daan Mo ang mga kababaihan doon na balansehin ang kanilang mga badyet upang makabili sila ng pagkain para sa kanilang mga pamilya. (Ps. 32:8)

26. Hangad ng mga puso ng pangkat ng Paraguay, Panginoon, na lumago sa Iyong karunungan, pagkamatiisin, pagmamahal at paglilingkod at maging kapaki-pakinabang na instrumento sa Iyong mga kamay. (Rom. 12:11)

27. Aming Diyos, pinupuri Ka namin para sa mga tapat na tao sa Canada na nananalangin bawat buwan para sa mga pangangailangan sa *prayer calendar* (Col. 4:2)

28. Ama, sa panahon ng pagkakahati sa pulitika, poot at pagmamataas sa Brazil, nananangis kami para sa pagkakaisa kay Kristo. Maging tagapamagitan nawa ang Iyong Anak sa aming mga puso. (Matt. 5:9)


후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다


# Women of Hope

## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 2.**
**Panalangin para sa Hilaga at Timog America**

Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, sa halip ay idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan tungkol sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at pagsamong may pasasalamat. (Fil 4:6FSV) Ang panalangin ay isang kaloob - isang paanyaya para sa atin mula sa Diyos na lumapit tayo sa Kanya sa anumang kalagayan ng ating buhay. Ang panalangin ang ating pagtugon sa Kanya, pagpapatibay ng ating pananampalataya sa Kanya, pagkilala ng Kanyang kapangyarihan at kabutihan. Nag-aanyaya Siya sa atin ng isang relasyon kung saan mas makikilala natin Siya ng lubusan.


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

**Nawa'y ipanalangin po natin…**

1. Makapangyarihang Diyos, mangyaring palaguin at paunlarin Mo ang ministeryo ng *TWR Women of Hope* sa Bonaire. Bigyan Mo ang pangkat ng karunungan sa kanilang mga tungkulin at sa pag-akay sa mga tao kay Hesus. (Ps. 37:5)

2. Ama, ipadala Mo ang Iyong mga anak upang aliwin at pasiglahin ang mga matatanda sa Uruguay na nahaharap sa kalungkutan at depresyon. (Ps. 71:9, 18)

3. Panginoon, idinadalangin namin na ang mga pinuno sa Brazil ay makapagbigay ng maayos na serbisyong pangkalusugan para sa mga kababaihang kailangang magamot. (1 Tim. 2:1-2)

4. Salamat, Panginoon, na ang mga bilangguan ng Paraguay ay pinapayagan ang mga kababaihang bilanggo na may *"semi-free status"* na pumunta sa mga opisina ng *TWR Women of Hope* upang dumalo sa mga pag-aaral at pagsasanay sa Bibliya. (Ps. 90:17)

5. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang bagong *ministry partnership* ng TWR Canada na ilulunsad sa 2023. Nawa'y maging epektibo sila sa pangungusap sa buhay ng mga kababaihan sa buong mundo at akayin silang makilala Ka. (Isa. 52:7 )

6. Salamat, Panginoon, na ang kababaihan ng Uruguay ay nakahanap ng impormasyon, panghihikayat at kaligtasan sa pamamagitan ng mga programa ng *Women of Hope*. (John. 3:16)

7. Panginoon, nawa'y ang pangkat ng rehiyon ng U.S. ay unahin ang pagsaliksik sa Iyo ng may pagmamahal at pagsunod. Habang ginagawa nila ito, gabayan Mo sila sa kanilang mga hakbang para sa ministeryo. (Rom. 12:2)

8. Ama, magbigay Ka nawa ng kalakasan, tibay ng kalooban at magandang trabaho sa mga *single mothers* sa mga bansa sa Latin America na nagsusumikap araw-araw upang mapangalagaan ang kanilang mga pamilya. (Exod. 15:2)

9. Mahal na Panginoon, idinadalangin namin na ang aming mga kababaihang Brazilian ay magutom at mauhaw para sa Iyo. (Ps. 42:1-2)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Panginoon, tulungan Mo ang aming pangkat sa Paraguay na palawakin ang abot ng kanilang mga *prayer calendars* gamit ang mga bagong teknolohiya. Salamat sa kanilang Spanish at German na mga *prayer group* na gumagamit sa mga ito araw-araw para manalangin. (1 Thess. 5:16-18)

11. Ama, idinadalangin namin na ang libu-libong migranteng manggagawa na pumupunta sa Uruguay na naghahanap ng magandang kinabukasan ay umasa sa Iyo upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. (Phil. 4:19)

12. Makapangyarihang Diyos, nawa'y makilala Ka ng mga batang babae at mga kababaihan ng Guatemala, mahanap ang kanilang pagkakakilanlan sa Iyo at malaman na sa Iyo sila ay minamahal, pinatawad at mahalaga. (Gal. 3:26-28)

13. Ama sa Langit, hinihiling namin sa Iyo na bigyan Mo ng lakas ang bawat babae sa Bonaire na nakakaramdam ng pagod. (Isa. 40:29)

14. Panginoon, ang Iyong puso ay para sa mga kababaihan ng bawat henerasyon na makilala at sumunod sa Iyo. Humubog Ka ng mga lider sa mga susunod na henerasyon gayundin ng mga boluntaryo upang makipagtulungan sa bawat isa sa aming mga pandaigdigang koponan. (Joel 1:3)

15. Ama, idinadalangin namin ang mga kabataang babae sa Argentina na magkaroon ng malapit at makabuluhang pagtahak sa buhay kasama si Jesus. Gamitin Mo ang Iyong mga anak upang maabot sila ng ebanghelyo. (John 10:10)

16. Pinupuri ka namin, Panginoon, na ang debosyonal na aklat na *Hope Encounters* ay ginagamit sa maraming grupo ng kababaihan sa Brazil. Nawa'y mas maraming simbahan ang gumamit nito. (Ps. 119:105)

17. Pinupuri ka namin, Panginoon, na ang aming pangkat sa Paraguay ay nakaranas ng 25% na paglago sa pag-abot sa mga bagong kababaihan at maaari nilang dalhin ang mabuting balita ng ebanghelyo sa kanila. (1 John 5:4)

18. Iligtas Mo mula sa mga pinsala ng kasalanan at krimen, Panginoon, ang mga kabataang babae sa Uruguay na sangkot sa paggamit at pagbebenta ng droga. (Ps. 68:20)

19. Ama, idinadalangin namin ang pangkat ng *TWR Women of Hope* sa Paraguay na lumikha ng isang grupo ng matalino, mapagmahal na kababaihan para abutin ang mga taong galing sa bilanguan (1 Cor. 3:9 )

20. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan, pagkamalikhain at patnubay mula sa Iyong Espiritu ang pangkat ng Uruguay habang sila ay nagsusulat ng mga script para sa mga programa ng *Women of Hope.* (Gal. 5:25 )